Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-28 NG MAYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
8. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad (O.B.-LLDA Meeting)
2. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
3. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 87-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA TAGAPANGASIWA NG RETIREMENT AND SEPARATION BENEFITS SYSTEM (RSBS) NA TUMALIMA SA ITINATADHANA NG KAPASIYAHAN BLG. 114, SERIES OF 1996 SAMPUNG ARAW MATAPOS MATANGGAP ANG SIPI NG KAPASIYAHANG ITO.

SAPAGKA'T, sa pamamagitan ng Kapasiyahan Blg. 114-'96 ay inatasan ng kapulungang ito ang RSBS na isulit sa Sangguniang Bayan ang lahat ng pinagtibay na pahintulot sa pagpapaunlad (approved development permits) ng lahat ng lupaing pinaunlad at kasalukuyang pinauunlad (developed and presently being developed) sa kabuuang ng San Lorenzo - South Subdivision na batay sa nakatala sa Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan ay tinanggap ni G. STEVE PALMA ng RSBS noong Ika-6 ng Hulyo, 1996;

SAPAGKA'T, simula ng matanggap ang sipi ng Kapasiyahan, hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa tumatalima patuloy na isinasaisantabi ng pangasiwaan ng RSBS ang itinatadhana ng nabanggit na kapasiyahan ng Sangguniang Bayan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aatas sa Tagapangasiwa ng Retirement and Separation Benefits System (RSBS) na tumalima sa itinatadhana ng Kapasiyahan Blg. 114, Series of 1996 sampung araw matapos matanggap ang sipi ng kapasiyahang ito.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-20 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-28 ng Mayo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG HUWEBES, IKA-20 NG HUNYO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan - Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO	- Kagawad
4.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
5.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
6.	Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.	- Kagawad
7.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
8.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Di-Dumalo:

1.	Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 114-'96
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan
ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA RETIREMENT AND SEPARATION BENEFITS SYSTEM (RSBS) NA ISULIT SA SANGGUNIANG BAYAN ANG LAHAT NG PINAGTIBAY NA PAHINTULOT SA PAGPAPAUNLAD (Approved Development Permits) NG LAHAT NG LUPAING PINAUNLAD AT KASALUKUYANG PINAUUNLAD (Developed and Presently being developed) SA KABUUANG NG SAN LORENZO-SOUTH SUBDIVISION.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay walang kumpletong talaan ng "Approved subdivision plan and development permits" ng San Lorenzo South Subdivision ang Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa, Laguna;

SAPAGKA'T, ang Pamahalaang Bayan ay kasalukuyang nag-aaral at nagsasagawa ng mga panukala may kinalaman sa mga gamit ng mga lupain (zoning) at mga padaluyang tubig (drainage) maging ito man ay pribado, pampubliko/ o ilog/padaluyang pinangangasiwaan ng National Irrigation Authority;

SAPAGKA'T, mahalaga at magiging basehan ang mga ipina-susulit na dokumento sa kasalukuyang pag-aaral;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawa-han ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA na atasan ang Retirement and Separation Benefits System (RSBS) na isulit sa Sangguniang Bayan ang lahat ng pinagtibay na pahintulot sa pagpapaunlad (Approved Development Permits) ng lahat ng lupaing pinaunlad at kasalukuyang pinauunlad (Developed and Presently being developed) sa kabuuang ng San Lorenzo-South Subdivision.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-23 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-20 ng Hunyo, 1996.

ORIGINAL SIGNED
CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

RECEIVED BY
PALIMA VICENTE V
03 JULY 96